Paglikha ng Ligtas na Pakiramdam sa isang Grupo ng Suporta ng NAMI

Ang paglikha ng ligtas na pakiramdam ay mahalaga sa kapakanan ng anumang grupo ng suporta. Malaki ang naitutulong ng Mga Alituntunin ng Grupo ng Suporta ng NAMI sa paglikha ng istruktura at kaligtasan para sa mga kalahok at facilitator. Ang sumusunod ay listahan ng mga dagdag na alituntunin na makakatulong upang tiyakin na ang mga kalahok ay nararamdaman na ang kanilang emosyonal, gayundin ang pisikal, na kaligtasan ay kinokonsidera. Ang mga alituntunin na ito ay maaaring ibahagi ng mga facilitator sa simula ng mga pagpupulong ng grupo, o sa simpleng batayan kung kinakailangan.

Para lumikha at magsulong ng kapaligiran ng paggalang at kaligtasan sa mga grupo ng suporta ng NAMI, hinihiling namin sa mga dadalo na:

1. Huwag magdala ng mga armas sa grupo, kahit na ang armas ay nakarehistro at ang dadalo ay legal na pinahihintulutan na dalhin ito.

2. Hindi nasa ilalim ng impluwensya ng mga panlibang na droga o alkohol sa panahon ng pagpupulong ng grupo ng suporta ng NAMI.

3. Igalang ang mga nakasaad na personal na hangganan ng iba pang kalahok sa loob at labas ng grupo.

4. Igalang na ang mga paniniwalang panrelihiyon ay lubos na personal; samakatuwid, ang relihiyon ay sadyang hindi bahagi ng istruktura ng grupong sumusuporta sa NAMI. Ang mga paniniwalang panrelihiyon, panalangin at iba pang anyo ng pagpapahayag ng relihiyon ay hindi binuo sa anumang istruktura ng pagpupulong ng grupo ng suporta ng NAMI.

5. Igalang ang pagkakaiba ng etniko at kultura ng mga indibidwal, kahit na hindi natin naiintindihan ang pananaw o karanasan ng iba. Hinihiling namin na ang mga dadalo ay huwag magbiro o gumawa ng mga mapanirang komento sa mga paksa ng lahi, relihiyon, etnisidad, edad, oryentasyong sekswal o iba pang pagkakaiba sa kultura.

Ngayon pa lang, nagpapasalamat kami sa iyo sa pagpapalakas ng aming grupo sa pamamagitan ng paggalang sa mga alituntunin na ito.